**Seven Oaks School Division**
1985 Grassmere Road, West St. Paul, MB R4A 6A3
Telepono: 204-338-7051 Fax: 204-334-6889
**Kagawaran ng Transportasyon**

Mahal naming Magulang/Tagapag-alaga;

Para sa kaligtasan ng iyong estudyante na unang beses sasakay ng bus, ipinapayo na ikaw o ang tagapag-alaga ng iyong anak ay samahan ang iyong anak na maghintay sa lugar kung saan siya kukunin, at salubungin siya sa lugar kung saan siya ihahatid pagkatapos ng eskuwela.

Para mapanatiling nasa oras ang biyahe ng mga bus, pakihanda ang iyong anak para pumasok sa eskuwela at sa lugar kung saan siya kukunin 5 minuto bago ang naka-schedule na pagdating ng mga bus. Hindi namin maaaring hintayin ang mga estudyante dahil naaapektuhan nito ang schedule na sinusubukan naming panatilihin.

- Kung wala ka sa iyong nakatalagang hintuan kapag dumating ang bus, magpapatuloy ang bus sa pagbiyahe. Ikaw ang may responsibilidad para ihatid ang iyong anak sa paaralan.

- Kung wala ka sa iyong itinalagang hintuan kapag dumating ang bus pagkatapos ng eskuwela, dadalhin ang iyong anak pabalik sa paaralan, at ikaw ang magiging responsable para kunin siya at iuwi.

Sa kasamaang-palad, hindi ka namin mabibigyan ng eksaktong mga oras ng pagbalik pagkatapos ng eskuwela. Maraming dahilan ang maaaring makaapekto rito kabilang ang trapiko, panahon, mga pagsasara ng daan o pinigilan ang mga bus sa mga paaralan, at paghihintay sa mga estudyante na makita ang kanilang mga magulang. Pagkatapos ng unang linggo o higit pa, makakakita ka ng nabubuong pattern at makakapag-adjust sa iyong schedule nang naaalinsunod.

**Kung para sa anumang dahilan ay hindi kakailanganing sunduin ang iyong anak para pumasok sa eskuwela o ihatid pagkatapos ng eskuwela, (appointment sa Doktor, sakit, atbp.) mangyaring sabihan ang Kagawaran ng Transportasyon (Transportation Department) sa 204-338-7051.**

Umaasa kami na sa pamamagitan ng impormasyong ito, maiintindihan mo kung gaano umaasa ang Kagawaran ng Transportasyon sa pagiging nasa oras ng mga magulang at mga tagapag-alaga ng aming mga estudyante na sumasakay ng bus.

Ang Kagawaran ng Transportasyon